Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Santa Cruz

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-17 NG PEBRERO, 1999, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:05 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. HEIDI S. CIRIACO ............ | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. ...... | Kagawad |
| Kgg. Florencio C. Odejar ......... | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez .......... | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison ............ | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon ............ | Kagawad |
| Kgg. Ariel T. Magcalas ........... | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca ............ | Kagawad |
| Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan. | Kagawad |
| Kgg. Angelito O. Limjuco ......... | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor ....... | Kagawad |

KAPASIYAHAN BLG. 044-T'99

KAPASIYAHANG MAPITAGANG HUMIHILING SA KGG. PUNONLALAWIGAN JOSE D. LINA, JR. NA MAPAGKALOOBAN ANG PAMAHALAANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA NG HALAGANG ISANDAANG LIBONG PISO (P100,000.00) PARA SA REHABILITASYON O PAGSASAAYOS NG PAMBAYANG AKLATAN.

**SAPAGKA'T,** ang bayan ng Santa Cruz, bilang kapital na bayan sa Lalawigan ng Laguna ay nagsisilbing sentro ng iba t-ibang aspeto ng paglilingkuran;

**SAPAGKA'T,** sa pagpasok ng mga paaralan sa bayang ito, maraming mga mag-aaral o estudyante ang nangangailangan ng tulong sa pagsasaliksik ng mga kaalaman bilang pagsuporta sa kanilang pag-aaral lalo na sa mga mahihirap;

**SAPAGKA'T,** ang Pambayang Aklatan ng Santa Cruz ay nangangailangang isaayos upang lubos na mapakinabangan at mapaglingkuran ang mga mamamayan lalo na ang mga mag-aaral;

**SAPAGKA'T,** bukod sa masikip ang Pambayang Aklatan ng Santa Cruz ay kulang din sa mga kagamitan at mga bagong aklat upang maiangkop sa pagbabago at pag-unlad ng lipunan;

**SAPAGKA'T,** walang sapat na pondo ang pamahalaang bayan ng Santa Cruz upang maisaayos ang nabanggit na proyekto;

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kgg. Kag. Louie C. de Leon, na pinangalawahan ng Kgg. Kag. Edgardo T. Porca at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHAN:** Na mapitagang hilingin sa Kgg. Punonlalawigan Jose D. Lina, Jr. na mapagkalooban ang pamahalaang bayan ng Santa Cruz, Laguna ng halagang P100,000.00 para sa rehabilitasyon o pagsasaayos ng Pambayang Aklatan.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punonlalawigan Jose D. Lina, Jr., Kgg. Punong bayan, Pambayang Pinuno sa Pagpaplano at Pagpapaunlad, Pambayang Ingat-Yaman at Pambayang Pinuno sa Inhinyero, Pambayang Komunikasyon, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

HEIDI S. CIRIACO
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan

CERTIFIED XEROX COPY:
ROMEO A. RA...
REL OFF. II ...